



BULETIN NG PAGIGING HANDA SA EMERHENSIYA

KALIGTASAN SA TAGSIBOL • MARSO 2025

Kapaki-pakinabang ba ang buletin na ito?

▶ Gawinang aming survey: surveymonkey.com

Mag-Spring sa Aksyon


Ang tagsibol ay isang magandang panahon upang magsaya sa labas. Nagbibigay ang Buletin na ito ng ilang mga tip para manatiling ligtas at magsaya.

Pagiging Handa sa Emerhensiya



- Suriin ang iyong emergency kit. Gumagana pa ba ang lahat ng nasa kit?
- Itapon ang mga lumang pagkain, gamot, o mga baterya. Palitan ito ng mga bago.
- Itabi ang iyong emergency kit sa isang lugar kung saan maaari mo itong makuha nang mabilis.
- Alamin kung ano ang isasama sa iyong emergency kit sa www.ready.gov/kit

Suriin ang mga Alarm sa Usok at Karbon Monoksid (Carbon Monoxide)



- Palitan ang mga baterya ng iyong alarm dalawang beses sa isang taon. Isang madaling paraan para matandaan ito ay ang pagpapalit ng mga baterya sa tuwing itatakda mo ang iyong mga orasan para sa "daylight savings time."
- Subukan ang iyong mga alarm bawat buwan upang matiyak na gumagana ang mga ito.
- Kung ang iyong mga alarm ay mas matanda sa 10 taon, kumuha ng mga bago.
- Matuto pa tungkol sa kahalagahan ng mga smoke alarm (alarm sa usok) sa bahay: [Mga Tip ng NFPA sa Kaligtasan ng Smoke Alarm \(nfpa.org\)](https://www.nfpa.org)




Hanapin at Ayusin ang Mga Mapanganib na Bagay sa Iyong Tahanan

- Ilipat ang anumang bagay na humaharang sa mga pasilyo o pinto. Tiyaking madali kang makakadaan sa iyong tahanan kung may emerhensiya.
- I-tape down (idikit gamit ang tape) ang mga alpombra (rug) o mga lubid (cord) na maaaring maging sanhi ng pagkadapa o pagkahulog.
- I-secure ang mabibigat na muwebles sa dingding para hindi ito mahulog at mapinsala ka o ang iyong pamilya. Ang ilang halimbawa ng mabibigat na kasangkapan ay ang mga aparador, aparador ng mga libro, at malalaking TV.
- Matuto nang higit pa tungkol sa kung paano maiwasan ang mga panganib sa tahanan: [Ligtas sa Tahanan, Isang Gabay sa Kaligtasan sa Tahanan: Pagkilala at Pag-iwas Mga Panganib \(safehome.org\)](#)



Plano para sa mga Emerhensiya



- Subukan ang iyong planong pang-emerhensiya sa mga taong kasama mo sa pamumuhay, o koponan ng suporta nang ilang beses sa isang taon.
- Gumawa ng listahan ng mahahalagang numero ng telepono na tatawagan kung kailangan mo ng tulong.
- I-download ang [Listos Disaster Ready Guide \(listoscalifornia.org\)](#). Maaaring gamitin ang gabay na ito upang panatilihin ang lahat ng iyong mahalagang impormasyon sa isang lugar.

Abangan ang Pagbaha o Pagdausdos ng Putik (Mudslide) Pagkatapos ng Ulan

- Suriin upang matiyak na ang mga kanal ng iyong bubong at mga paagusan ay sapat na walang nakaharang para dumaloy ang tubig palayo sa iyong tahanan.
- Lumayo sa mga burol (maliliit na bundok) pagkatapos ng malakas na ulan dahil ang putik at mga bato ay maaaring dumausdos pababa at masaktan ka.
- Mag-sign up upang makatanggap ng mga alerto ng mga sitwasyong pang-emerhensiya na malapit sa iyo: [Calalerts Sign up \(calalerts.org\)](#).
- Matuto pa tungkol sa Kaligtasan sa Panahon ng Bagyo: [Listos California Kaligtasan sa Panahon ng Bagyo \(listoscalifornia.org\)](#)



I-bookmark ang aming Paghahanda sa Emerhensiya (Emergency Preparedness) na webpage sa iyong browser!



[QR Code ng Indibidwal \(dds.ca.gov\)](#)



[QR Code ng Provider \(dds.ca.gov\)](#)